**ARALING PANLIPUNAN 3**
2ND SUMMATIVE TEST
1ST QUARTER

Name: ______________________________________________

**Piliin sa sumusunod ang dapat panatilihin at gawin ng bawat tao sa kaniyang lugar. Isulat ang titik P kung panatilihin ang gawain at titik H kung hindi dapat ipagpatuloy ang gawaing isinasaad sa bawat pangungusap.**

___________1. Ikasisiya ang pagkakaroon ng mataas na bilang ng batang populasyon.
___________2. Pahalagahan ang mga relihiyong may maliliit na bilang sa populasyon.
___________3. Panatilihin ang pagbaba ng bilang ng populasyon sa bawat lalawigan.
___________4. Isabuhay ang programa ng pamahalaan na "Balik-probinsiya" at doon maghanap-buhay.
___________5. Mataas na pagtingin sa mga lalaki dahil sa nakakarami nitong bilang sa populasyon.

**Pag-aralan ang talahanayan na nasa ibaba. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang tamang letra sa patlang.**

Ang Populasyon ng Davao Region Batay sa Gulang

| Gulang | Bahagdan sa Populasyon |
|---|---|
| 0-4 na taon | 11% |
| 5- 9 na taon | 10.9 % |
| 10-14 na taon | 10.3% |
| 15-19 na taon | 10.1% |


______1. Base sa talahanayan, anong gulang ang may pinakamalaking bahagdan sa populasyon?

A. 0-4
B. 5-9
C. 10-14
D. 15-19

______2. Base sa datos na galing sa Philippine Statistics Authority, ang gulang na 0-4 na taon ay binubuo ng pinakamalaking
pangkat na may 11% na kabuoang populasyon. Ano ang ibig sabihin nito?

A. Mas maraming matatanda ang namamatay taon-taon.
B. Mas malakas ang mga tao na nasa pangkat ng 15-19 na gulang.
C. Mas maraming sanggol ang pinapanganak kaysa namamatay taon-taon.

D. Mas maraming sanggol ang namamatay kaysa pinapanganak taon-taon.




Source: 2015 Census, PSA Region XI

______3. Batay sa talahanayan,ano ang masasabi mo sa mga relihiyon sa Davao?

A. Ang Iglesia ni Cristo ang pumapangalawa sa dami ng relihiyon sa Davao.
B. Ang pinakamaraming bilang ng paniniwala ay ang Katoliko Romano.
C. Mas maraming naniniwala sa Islam kaysa sa Evangelicals.
D. Magkapantay ang bilang ng mga naniniwala sa Islam at Iglesia ni Cristo.

______4. Mayroon kang kaklase na naniniwala sa Islam at ikaw naman ay isang Katoliko Romano. Ang iyong kaklase ay pinagtatawanan dahil siya ay naiiba. Ano ang dapat mong gawin?

A. Ayaw ko siyang maging kaibigan dahil magkaiba kami ng paniniwala.
B. Kakaibiganin ko siya para may libreng pagkain galing sa kanya.
C. Kakaibiganin ko siya at bigyan ng respeto kahit magkaiba kami ng paniniwala.
D. Tatawanan ko siya dahil alam ko na mas nakakalamang ako kaysa sa kanya.

______5. Sa iyong opinyon, ano ang kahalagahan ng populasyon sa ating rehiyon?

A. Para malaman natin kung anong pangkat ng populasyon ang pinakamarami at pinakamaliit.
B. Para malaman natin kung ano ang bilang ng mga tao sa isang lugar, gaano man ito kaliit o kalaki.

C. Para malaman natin kung ano ang lawak at laki ng lupain ng bawat lalawigan, gaano man ito kaliit o kalaki.
D. Para malaman natin kung ano ang bilang ng mga babae at lalaki sa isang lugar, gaano man ito kaliit o kalaki.

**Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.**

______1. Kung ang Davao de Oro ay mayroong Maco Mainit Sulfuric Hot Spring, Anong anyong tubig naman sa Davao Oriental?
A. Passig Islet
B. Dahican Beach
C. Maco Mainit Falls
D. Malumagpak Falls

______2. Ano-anong pangunahing hanapbuhay ang makikita sa Davao Oriental at Davao del Norte ayon sa katangiang pisikal nito?
A. pangingisda at pagtuturo
B. pangingisda at pagsasaka
C. pagsasaka at pangangalakal
D. pangangalakal at pangangaso

______3. Sa paanong paraan magkatulad ang katangiang pisikal ng Davao Oriental at Davao Occidental?
A. magkatulad ang mga anyong lupa dito
B. parehong may magkatulad na bundok
C. magkalapit ang dalawang lalawigan sa lungsod ng Davao
D. mayroong mga natatanging baybayin at dagat na dinarayo ng mga turista

______4. Bakit dinarayo ng mga turista ang lugar ng Samal?
A. Malalaki ang mga gusali rito.
B. Magaganda ang mga tanawin dito.
C. Magaganda ang pakikitungo ng mga tao.
D. Marami ang magagandang dalampasigan.

______5. Paano mo mapanatili ang katangian ng iba't ibang anyong tubig sa lalawigan ng Davao de Oro?
A. ipagdasal ang kalusugan ng mga tao
B. ipaalam ang mga plano sa kinauukulan
C. ibahagi ang kaalaman sa ibang mag-aaral
D. ipagpatuloy ang pagtatanim ng mga puno

KEY :

1. P
2. P

File created by DepEd Click.

3. H
4. H
5. H

1. A. 0 - 4
2. C. Mas maraming sanggol ang pinapanganak kaysa namamatay taon taon.
3. B. Ang pinakamaraming bilang ng pa niniwala ay ang Katoliko Romano.
4. C . Kakaibiganin ko siya at bigyan ng respeto kahit magkaiba kami ng paniniwala.
5. D. Para malaman natin kung ano ang bilang ng mga tao sa isang lugar, gaano man ito kaliit o kalaki.

1. B
2. B
3. A
4. D
5. C

File created by DepEd Click.